

BART Silicon Valley Phase II
Extension Project

Valley Transportation Authority


# *MGA KAALAMAN:* ***Ang BART Silicon Valley Phase II Extension Project ng VTA***

## TOD Corridor Strategies and Access Planning Study

Ang BART Silicon Valley Phase II na Proyekto ng VTA na dadaan sa Downtown San José at Santa Clara ay nagkakaloob ng “isang beses lamang sa isang century” na oportunidad para mapasulong ang mga layunin sa parehong lungsod sa pamamagitan ng kaugnay na mga transit-oriented developments (mga TOD). Ang TOD ay tumutukoy sa nalalakaran at iba-ibang mapaggagamitan na development na matatagpuan malapit sa transit. Ang mga TOD ay naghahandog ng ibang klase na pamumuhay na iba sa tipikal na suburban na neighborhood, na may kasamang koleksyon ng mga amenity sa komunidad, mga serbisyo, access sa mga oportunidad sa trabaho, at iba’t ibang klaseng mga opsyon sa pabahay. Ang mga TOD na matagumpay na ipinagsasama ang mga elementong ito ay madalas na tinatawag na “Good TOD.”


Ang kaakit-akit, masigla, abot-kaya, at iba’t ibang klase at matagumpay na ekonomiya na transit oriented na mga komunidad ay isang matatag na batayan para sa sustainable na urban region at ang pananaw para sa bagong area ng istasyon ng BART ay nakaplano para sa mga lungsod ng San José at Santa Clara. Ang nasabing mga komunidad ay kinakailangan para suportahan ang parehong pagsulong sa trabaho at pabahay na kinakailangan para mapanatili ang lakas ng ekonomiya ng Silicon Valley.




### Ano ang TOD Corridor Strategies and Access Planning Study?

Sa BART Phase II NG TOD Corridor Strategies and Access Planning Study (ang TOD/Pag-aaral sa Access), hangad ng VTA na makalikha batay sa kasalukuyang mga plano at patakaran sa transportasyon at paggamit ng lupa. Ang TOD/Pag-aaral sa Access ay magkakaloob rin ng advanced na pagsusuri at mga rekumendasyon para maipagbigay-alam sa panghinaharap na paggamit ng patakaran ng TOD at pagpapatupad nito, kasama na ang paggamit ng lupa, development, at kadaliang kumilos ng transportasyon.




Ang pakikipagtrabaho sa mga lungsod ng San José at Santa Clara, at pati na rin ang BART, ang humigit kulang na 15 buwang pag-aaral na nagsimula sa umpisa ng taong 2018, ay nakatuon sa madaling makaangkop at mapapatupad na mga estratehiya sa paggamit ng lupain at mga kagamitan sa pondo para tumaas ang ridership sa transit at TOD sa tatlong panghinaharap na Mga Area ng Istasyon ng

*Ipinagpatuloy*

BART (Alum Rock/28th Street Station, Downtown San José Station, at Santa Clara Station) at ang corridor sa pagitan ng mga ito. Ang TOD/Pag-aaral sa Access ay magkakaloob rin ng mga tiyak na rekumendasyon para lubos na mapahusay ang access sa mga istasyon at mga TOD sa loob at sa palibot ng corridor ng istasyon.

## Paano tayo makakakuha ng Good TOD?

Ang TOD/Pag-aaral sa Access ay kumikilos batay sa maraming nakumpleto nang mga plano at mga patuloy na pag-aaral sa lokal, pang-lungsod, pang-county, at rehiyonal na antas. Para ma-maximize ang tagumpay ng pag-aaral na ito, ang VTA ay malapit na nakikipagtulungan sa ating Lungsod at Mga kapartner na Ahensya sa bawat isa sa tatlong pangunahing mga yugto ng pag-aaral: mga kondisyon ng background, mga oportunidad at mga limitasyon, at mga kagamitan at estratehiya sa pagpapatupad.





## Mga Pakay at Layunin ng Pag-aaral

Ang TOD/Pag-aaral sa Access ay nakatuon ang pansin sa sustainable na transit-oriented na development gamit ang mga pangunahing layunin na ito:



- **Accessibility**: Magkakaloob ng isang accessible at walang mintis na multi-modal na transportasyon na kapaligiran na umuugnay sa mga pumapaligid na neighborhood sa bagong mga istasyon ng BART.
- **Paglaki**: Maitaguyod ang paglaki sa loob at sa palibot ng lugar ng istasyon na nag-kakaloob ng iba't ibang klaseng mga trabaho, iba't ibang mga uri ng abot-kayang pabahay, at mga pamamaraan para mabawasan ang paglilipat-lipat ng posisyon.
- **Kalidad ng Buhay**: Mapahusay ang kalidad ng buhay sa pamamagitan ng pagtu-tuon ng pamumuhunan sa imprastraktura na naglalagay sa urban sa lugar at mga oportunidad na ipinagsasama-sama ang mga komunidad, at nagkakaloob ng marami at iba't ibang mga benepisyo sa kasalukuyang mga residente at negosyo.

Kinikilala ng VTA ang bawat isa sa tatlong area ng Istasyon ng BART ay may bukod-tanging mga katangian na kailangang matugunan. Ang mga rekumendasyon at estratehiya para sa bawat area ng istasyon at ang mga nag-uugnay na mga corridor ay makapagpapakita sa mga tiyak na pangangailangan at oportunidad nito. Ang mabuting nadisenyong mga TOD ay makakatulong na maayos ang halo-halong mga gamit at bigat na pasadya sa indibiduwal na lugar at makakatulong na mabuo at mapahusay ang mga pumapalibot na komunidad. Ang TOD/Pag-aaral sa Access ay makakatulong na matiyak ang isang komprehensibong pamamaraan sa TOD na nagsusuporta sa lokal na pagpaplano at development ng proyekto sa isang paraan na bumubuo o nakakatulong sa bawat lugar ng istasyon at nauugnay ang mga TOD corridor na istasyon.



## Paano ako makakasali?

Ikaw man ay nagtatrabaho, nakatira, o naglalaro o malapit sa Alum Rock/28th Street, Downtown San José, o Santa Clara Stations, may mga oportunidad kung saan makakapagbigay kayo ng input! Ang TOD/Pag-aaral sa Access ay mamumuno ng mga workshop bilang kaugnay ng Phase II Project Community Working Groups (CWGs) ng BART, kung saan ito ay maghahanap ng mga input mula sa mga interesado at kabahaging mga miymebro ng publiko. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa webpage ng TOD/Pag-aaral ng Access sa *www.vta.org/bart/tod-access-study.*

## Contact Us

(408) 321-7575 English

(408) 321-2300 Español 粵/華語 Tagalog Tiếng Việt Português 한국어

(408) 321-2330 TTY

www.vta.org/bart

vtabart@vta.org

facebook.com/bartsv

twitter.com/bartsv